# Mga Hakbang Laban sa Bagyo at Baha

# Para sa ating Tahanan ①



## Biglaang Malakas na Ulan at Bagyo

Ang biglaang malakas na ulan (guerrilla rainstorm) ay nagdadala ng napakatinding buhos ng ulan sa isang partikular na lugar sa maikling panahon. Dahil dito, sa mga sementadong siyudad, mabilis na umaapaw ang mga ilog, at bumabaha sa mga kalsada at kabahayan. Ang bagyo naman ay nagdudulot ng malakas na ulan, baha, at marahas na hangin na nagiging sanhi ng pag-apaw ng ilog at pagguho ng lupa (landslide) na nagbabanta sa buhay at kabuhayan ng mga tao.



## Pagbaha dahil sa Baradong Imburnal

Kapag hindi na kayang i-drain o iagos sa mga ilog ang buhos ng ulan dahil sa sobrang lakas nito, ang tubig ay umaapaw mula sa mga kanal, imburnal, at drainage. Ang pagbaha na ito sa mga gusali, lupa, at kalsada ay tinatawag na "Inland Flooding" (Naisui Hanran).



## Agahan ang Paglikas at Siguraduhing ligtas sa bawat Kilos!

Dahil sa malakas na hangin at ulan na dala ng bagyo o biglaang buhos ng ulan, inaasahan ang mga pinsala tulad ng pagpasok ng baha sa bahay, pag-apaw ng ilog, at pagguho ng lupa. Alamin at i-check nang maaga ang mga peligrosong lugar (tulad ng "Flood Hazard Zones" at "Landslide Warning Zones" sa mapa), agahan ang paglikas, at alamin ang mga dapat gawin kapag malapit na ang panganib.

### Laging I-check ang Pinakahuling Balita

Kapag may bagyo o biglaang malakas na ulan, kumuha ng tamang impormasyon ukol sa direksyon ng bagyo o tantiyang pinsala gamit ang TV, radyo, o internet. Maghanda rin ng emergency bag para makakilos agad.



### Lumikas Bago Magsimula ang Baha

Maging alerto kung patuloy ang malakas o matagal na ulan sa inyong lugar o sa itaas na bahagi (upstream) ng malapit na ilog. Napakahalaga na ang mga matatanda, may kapansanan, o ang mga nangangailangan ng mas mahabang oras sa paglikas ay lumikas nang mas maaga.



### Lumikas Bago Dumilim

Kung inaasahang bubuhos ang malakas na ulan, lumikas habang maliwanag pa ang araw. Kahit sa araw, delikadong maglakad sa baha dahil hindi mo makikita ang lalim nito, at baka nakabukas ang mga takip ng imburnal (manhole) o kanal (gutter). Gumamit ng payong o baston para kapain ang lalakaran.




## Mga Antas ng Babala sa Paglikas (Inanunsyo ng Japan Meteorological Agency at ng Yamato City)

Napakahalagang desisyon kung kailan ka mag-uumpisang lumikas. Kapag may banta ng bagyo o baha, ilalabas ang mga sumusunod na impormasyon depende sa Warning Level. Makinig sa mga anunsyo at protektahan ang sarili.
Lalo na para sa mga nangangailangan ng oras sa paglikas (matatanda, may kapansanan, buntis, o may sanggol), maglaan ng sapat na oras at simulan na ang paglikas nang maaga.

**Kung nakikita mong delikado na ang sitwasyon, huwag nang hintayin ang anunsyo ng pamahalaan. Mag desisyon na at lumikas agad!**

| Antas ng Panganib sa Sakuna | Alert | Sitwasyon at Impormasyon sa Paglikas | | | Mga Hakbang sa Paglikas na dapat gawin ng mga Residente |
|---|---|---|---|---|---|
| 高 | 5 | May Sakuna Na o Napakalapit Na | Inilabas ng Yamato City | Emergency! Maghanap agad ng ligtas na lugar! | Kung delikado na ang sitwasyon, Siguraduhin na ang sariling kaligtasan |
| | | <Siguraduhing lisanin ang mga mapanganib na lugar bago o pagsapit ng Level 4!> | | | |
| 災害の危険度 | 4 | Mataas ang Posibilidad ng Sakuna | Inilabas ng Yamato City | Utos na Lumikas (Evacuation Order) | Dapat nang mag-evacuate ang lahat mula sa mga delikadong lugar. |
| | 3 | May Banta ng Sakuna | Inilabas ng Yamato City | Paglikas ng mga Matatanda at Nangangailangan ng Tulong | Ang mga di makakilos ng madalian (tulad ng matatanda) ay dapat lumikas na. Ang iba naman, maghanda na ng mga gamit. |
| | 2 | Lumalala ang kondisyon ng Panahon | Inanunsyo ng Japan Meteorological Agency | Warning para sa malakas na ulan, baha, at mataas na alon. | I-check ang inyong evacuation plan (kung saan ang evacuation center, anong route ang lalakaran, at kailan ang tamang timing ng pag-alis). |
| 低 | 1 | Posibleng Sumama ang Panahon sa mga Susunod na Araw | Inanunsyo ng Japan Meteorological Agency | Maagang Paalala | Simulan nang ihanda ang sarili at maging alerto sa posibleng sakuna. |

I-scan ito para ma-check ang pinakabagong updates tungkol sa paglikas (evacuation).